

Breast Cancer Prevention Partners

# Lahi, Kapangyarihan, at Di-Pagkakapantay-pantay

Ang insidente ng kanser sa suso ay hindi pantay ang pagkakapamahagi sa iba't ibang etnikong o panglahing komunidad o grupo, dahil sa maraming kumplikadong mga salik na madalas na magkakaugnay. Ang Lahi, Kapangyarihan, at Di-Pagkakapantay-pantay ay itinuturing na pangunahing salik ng panganib dahil ang rasismo at iba pang mga sosyal na kawalan ng katarungan at hindi pagkakapantay-pantay ay nakakaapekto sa halos bawat aspeto ng ating buhay.

## Buod ng Siyensya

Ang mga kasaysayang kasanayan at institusyonal na rasismo ay naglimita sa pag-akses sa pabahay, trabaho, edukasyon, medikal na pangangalaga, malinis na hangin at tubig, at abot-kayang masustansyang pagkain. Kadalasan, ang mga komunidad ng kulay ay nakararanas ng mas mataas na antas ng pagkalalantad sa kemikal at mga panlipunang sanhi ng istres na nag-aambag sa mas mataas na mga bilang ng sakit. Halimbawa, ang mga planta ng kuryente at pasilidad ng mapanganib na basura ay kadalasang inilalagay malapit sa mga komunidad ng kulay na nagkakaroon ng pagkalalantad sa mga mapanganib na emisyon. Ang ating kakayahan na mabawasan ang ating sariling panganib sa kanser sa suso ay naapektuhan ng kapangyarihan na mayroon o wala tayo upang maimpluwensyahan ang hanay ng mga salik ng panganib at proteksyon.

Ang mga kababaihang Itim ay may mas mataas na panganib ng mas agresibong mga uri ng kanser sa suso, na maaaring bahagyang maipaliwanag ng kasaysayan at institusyonal na rasismo. Halimbawa, ang mga kababaihang Itim ay dalawang beses na mas maaaring masuring mayroon ng triple-negative na kanser sa suso, isang mas agresibong uri ng sakit, kaysa sa mga kababaihang Puti. Natuklasan ng mga pag-aaral na ang panganib ng ER na kanser sa suso ay mas mataas para sa mga kababaihang Itim na ipinanganak sa mga estado na nagsagawa ng legalisadong rasismo sa anyo ng mga Jim Crow na batas (mula mga 1870 hanggang 1964) kumpara sa mga kababaihang Itim na ipinanganak sa ibang mga estado.

Ang rasismo ay isang pangunahing sanhi ng mga negatibong resulta sa kalusugan, na nagdudulot ng makabuluhang hindi pagkakapantay-pantay sa panlahi at pang-etnikong kalusugan. Ang pag-abot sa mas mataas na antas ng pang-ekonomikong seguridad ay hindi mababaliktad ang katotohanang ito..

> “Sa katunayan, ang hindi pagkakapantay-pantay sa kalusugan na may kinalaman sa lahi ay madalas na mas batid sa mga taong may kulay na nasa mataas na antas ng sosyo-ekonomikong hanay.”

## Ano ang maaari kong gawin upang suportahan ang kalusugan ng aking pamilya at mga kaibigan, at aking komunidad?

Ang pagtugon sa panlahing diskriminasyon at iba pang panlipunang kawalan ng katarungan ay isang napakalaking proposisyon, subalit ito ay dapat magsimula sa bawat isa sa atin na tumingin, umamin, at trabahuhin na ipatigil ang mga tahasan at di-tahasang panlipunang pagkiling na mayroon tayo. Magbasa ng aklat ng isang tao na may ibang karanasan sa buhay.

Makilahok sa Diversity, Equity, and Inclusion (DEI) na mga kurso. Sumali at suportahan ang mga organisasyong lumalaban sa panlipunang kawalan ng katarungan.

Kung makakita o makaranas ng rasismo o pang-kasariang diskriminasyon, sabihin ito; gamitin ito bilang isang pagkakataon para sa edukasyon. Himukin ang iba na magtaguyod para sa kanilang sarili at sa kanilang kalusugan (halimbawa, humingi ng impormasyon sa edukasyon sa wikang naiintindihan nila mula sa mga tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan). Suportahan ang mga taong may iba't ibang pinagmulan upang makilahok sa pampulitikal na proseso. Ang pagbago sa ating mga taon ng panlipunang paghubog ay hindi isang minsanang kaganapan, kundi isang patuloy na proseso na nangangailangan ng tapang at tiyaga.

## Paano ako makatutulong sa pagtaguyod at pagsuporta sa sistemikong pagbabago upang tanggalin ang mga balakid sa kalusugan?

Habang ang mga indibidwal na pagsisikap upang tugunan ang ating mga pagkiling ay isang mahalagang panimulang punto, ang mga kawalan ng katarungan ay dapat tugunan sa pamamagitan ng mga pampublikong polisiya na tumutugon sa ugat ng diskriminasyon.

Ang anumang interbensyon upang tugunan ang hindi pagkakapantay-pantay ay dapat tiyakin na ang mga apektadong komunidad ay manguna sa pagtukoy sa mga problema at solusyon; at magkaroon ng pagkakataon para sa kolektibong paghilom.

Ideklara ang rasismo bilang isang pampublikong krisis sa kalusugan sa antas ng lungsod, lalawigan, at estado upang matugunan ang mga ugat ng hindi pagkakapantay-pantay sa kalusugan (halimbawa, pinagsama-samang pagkalalantad sa kemikal, kahirapan, at mga panlipunang sanhi ng istres).

Mangailangan ng patuloy na pagsasanay laban sa rasismo para sa mga tagapagbigay ng medikal, mag-aaral sa medisina, at mga sistema ng pangangalaga sa kalusugan upang mabawasan ang di-tahasang pagkiling at matiyak ang patas at pantay na pangangalagang medikal.

Makipagtulungan sa mga grupo ng komunidad upang magbigay ng edukasyon na naka-akma sa kultura at adbokasiya sa kung paano mabawasan ang hindi pantay na epekto ng mga salik ng panganib sa kanser sa suso para sa mga komunidad na kulang sa mapagkukunan, kabilang ang rural, tribo, at mga komunidad ng kulay.

TOGETHER, WE CAN MAKE CHANGE!

Matuto pa at makilahok.

Ang **Breast Cancer Prevention Partners (BCPP)** ay ang nangungunang pang-adbokasiyang organisasyon na batay sa siyensya, na nagtratrabaho upang maiwasan ang kanser sa suso sa pamamagitan ng pag-aalis ng ating pagkalalantad sa mga nakalalason na kemikal at iba pang mga pangkapaligiran na pagkakalantad na nauugnay sa sakit.

BCPP.org

Suportado ng pondo mula sa Gilead Sciences, Inc. Ang Gilead Sciences, Inc. ay walang ibinahagi sa paggawa o nilalaman ng mga materyales na ito.